フィリピノ語 版

# Balitang Iwas KrimenTungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 180

Ika-16 ng Pebrero 2021
Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL：054-221-3715

# Lagay ng Naganap na Krimen sa Lalawigan Noong 2020

**Bilang ng Paglabag sa Penal na Batas 2020**

~Datos mula sa Kapulisan (Aktwal)~


**15,370**

**18 taon na patuloy na pagbaba!!**

**Ano ba ang paglabag sa penal na batas?**

Mga krimen na lumalabag sa penal na batas tulad ng pagpatay, panloloob, panununog, pang-gagahasa, asalto, pananakit, pagnanakaw at panloloko

**9,922 (60%) nito ay kaso ng "pagnanakaw"! Napakarami pa rin di ba ng "pagnanakanaw".**



## ★Lagay ng mga Naganap na Krimen

～Datos mula sa Kapulisan(Aktwal)～

| Modus Operandi | Bilang | Nakaraang Taon (Bilang) | Nakaraang Taon (% ng Pagbabago) |
|---|---|---|---|
| Pagnanakaw ng Bisikleta | 2,194 | ▲602 | ▲21.5% |
| Pagnanakaw ng Motorsiklo | 231 | ▲138 | ▲37.4% |
| Pagnanakaw ng Sasakyan | 65 | ▲65 | ▲50.0% |
| Pagnanakaw ng Gamit sa Sasakyan | 655 | ▲259 | ▲28.3% |
| Pagnanakaw ng Parte ng Sasakyan | 284 | ▲49 | ▲14.7% |
| Akyat Bahay | 290 | ▲175 | ▲37.6% |
| Panloloob | 175 | ▲92 | ▲34.5% |
| Panghahablot ng Bag | 10 | ▲8 | ▲44.4% |
| Panenekas | 2,415 | ▲36 | ▲1.5% |

## ★Lagay ng mga Bukod Tanging Panloloko

~Datos mula sa Kapulisan (Aktwal)~

| Modus Operandi ng Bukod Tanging Panloloko | | Bi-lang | ※Halaga ng Pinsala | Nakaraang Taon (% ng Pagbabago) (% Pagbabago sa halaga ng pinsala) |
|---|---|---|---|---|
| Modus Operandi | *･Dugo-dugo* | 67 | ¥147.79milyon | ▲8.1% ▲5.1% |
| | *･Panloloko para manakaw ang pera sa bangko* | 103 | ¥137.47milyon | |
| | *･Panloloko sa pagdemanda ng kabayaran* | 74 | ¥210. 92milyon | +51.0% +54.6% |
| | *･Pagnanakaw ng ATM* | 74 | ¥126.77milyon | ▲7.5% ▲20.2% |
| ○ Iba pang 6 na uri | | 11 | ¥56.7milyon | ▲38.9% ▲73.5% |
| Kabuuan | | 329 | ¥628.62milyon | ▲0.9% ＋1.8% |

※Ang halaga ng pinsala ay naka round-off sa ¥1000.

**Ang bilang ng lahat ng krimen na madaling maganap sa atin ay bumaba sa taong 2020 kumpara sa nakaraang taon.**


**Ang bilang ng kaso ng bukod tanging panloloko ay bumaba kaunti ngunit maituturing na nasa mataas na nibel pa rin ang bilang at halaga ng pinsala. Kaya sa taong 2021, pagsikapan natin na itaas ang ating kamalayan sa iwas-krimen at itaguyod natin ang ligtas at mapayapang komunidad.**


# Para sa mga matatanda na nagmamaneho ng sasakyan

## ~Upang maitaguyod ang ligtas at mapayapang pamumuhay~

Ang Kapulisan at ang panlalawigan na pamahalaan
ay lumikha ng

## Gabay sa「Ligtas na Pagmamaneho sa Lansangan」!!




Paglutas ng ganitong agam-agam! Para sa detalye, i-download ang gabay sa **"Ligtas na Pagmamaneho sa Lansangan"** mula sa website ng Ligtas na Trapiko sa Shizuoka. ↓
https://www.pref.shizuoka.jp/kenmin/km-130/index.html

*Ang gabay ay ipinamamahagi rin sa mga drayber na 70 taong gulang at pataas na magre-renew ng kanilang lisensya sa Drivers License Center at Himpilan ng Pulis sa loob ng lalawigan.

**Bidyo ng pagpapaalam para sa mga estudyante ng elementarya at junior haiskul "Itigil ang diskriminasyon dulot ng COVID-19!"**

Ang lalawigan ay lumikha ng bidyo ng pagpapaalam para sa mga estudyante ng elementarya at junior haiskul na "Itigil ang disriminasyon dulot ng COVID-19" upang maisakatuparan ang "Fujinokuni na puno ng pag-intindi" kung saan walang sinuman ang mangbibiktima o mabibiktima ng diskriminasyon. Ang bidyo ay maaaring mapanood sa YouTube channel at "Fujinokuni net TV" sa website ng lalawigan ng Shizuoka. (Haba ng bidyo: 2 minuto at 45 segundo)
Panoorin natin ang bidyo upang malaman ang diskriminasyon at isaalang alang natin sa ating pagkilos na mapangalagaan ang mga taong nagka-coronavirus.

**Aksyon para sa "Itigil ang paninirang puri" dulot ng COVID-19**

**Itigil ang diskirminasyon sa COVID-19**




**Ang SNS ay karaniwang ginagamit ng mga kabataan sa pagkalap ng impormasyon.**
**Hindi ka ba nagkamit ng diskriminasyon sa iyong kinikilos ng hindi mo namamalayan?**
**Kahit sino ay pwedeng mahawaan ng coronavirus!!**
**Mahalagang pangalagaan natin ang sinumang nagkaroon ng coronavirus sa ating paligid!**